陪 SHALL
我 WE
講 TALK

Hindi Tumutugon, Matigas ang Ulo at Paulit Ulit?

PAG-UNAWA SA KARAMDAMAN SA AUTISM SPECTRUM

(Tagalog version)

Ano ang Karamdaman sa Autism Spectrum (ASD)?

Ang Karamdaman sa Autism Spectrum (ASD) ay isang karamdaman sa pagkabuo ng pag-iisip na nakukuha mula pagkapanganak. Dati itong kilala sa ibang mga pangalan tulad ng Autism at Asperger Syndrome.

Ang mga pasyente na nakakaranas ng iba’ t ibang antas ng kahirapan at pagsulong sa pag-iisip, emosyonal, pag-uugali at pakikibagay at komunikasyon sa ibang tao. Bukod sa naapektuhan nito ang pakikibagay nila sa ibang tao, ang mga pasyente ay nakakaranas rin ng mga problema tulad ng paulit ulit at estereotipong pattern pagdating sa kanilang ugali, maiksing atensyon at interes at hindi karaniwang pagtugon sa mga tipikal na reaksyon sa pandama. Ang mga sintomas na ito ay nararanasan sa iba’ t ibang antas ng kalubhaan na syang bumubuo ng ‘ekspektro’ , at sila ay nararanasan kasabay ng mga problema sa intelektwal, pananalita, at iba pang problema sa pagkabuo ng pag-iisip.

Gaanong Karaniwan ang ASD?

0.16%

Ang paglaganap ng ASD sa mga kabataan ng Hong Kong na may edad 15 o pababa ay 0.16%

6.58 : 1

Mas maraming lalaki ang apektado kesa sa babae

Ano ang mga sintomas ng ASD?

Ang mga pasyente na may ASD ay maaaring magkaron ng magkakaibang sintomas. Ang iba sa mga karaniwang klinikal ng sintomas ay:

Kahirapan sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao

- Hindi pagtugon, pagiging balintiyak

Problema sa pakikipagbatid sa paraang hindi kailangan ng pananalita

- Walang pakundangan, kawalang atensyon

Paulit ulit na pag-uugali

- Paulit ulit at esterotipong kilos, tulad ng pagpalakpak, pagtakbo sa kung saan saan, pag-untog ng ulo, panginginig ng katawan, pag tabingi at pag-ikot ng katawan, pagpitik ng daliri at paggawa ng kakaibang ekspresyon sa mukha

Kahirapan makasabay sa mga pagbabago

- Seryosong pagkabagabag na dahilan ng maliit na mga pagbabago sa paligid

Kung nakikita mo na ang iyong anak ay nakararanas ng mga naturang sitwasyon, kumonsulta sa doktor o sa dalubhasang sikologo para sa propesyunal na pagtatasa nang sa gayon ay ang iyong anak ay makatanggap ng nararapat na lunas. Ang maagang paglunas ay kailangan para sa paggaling.

Paano Gamutin ang ASD?

Sa ngayon ay walang gamot para sa ASD, ngunit ang pagbibigay ng tamang edukasyon at pagsasanay para sa tamang pag-uugali ay makakatulong sa mga batang may ASD upang matuto ng epektibong kasanayan sa pakikipagkomunikasyon sa mga tao at pakikibagay sa lipunan. Ang mga magulang ay maaaring makatanggap ng suporta sa pamamagitan ng mga programa sa edukasyon at pagsasanay sa tamang pag-uugali.

Mga susi sa Pagbibigay Lunas sa ASD:

Kailangang ituon ang lahat sa espesyal na pangangailangan ng bata

Importante ang partisipasyon ng mga magulang

Maagang pagbibigay-lunas ay iminumungkahi

Ang ASD ay mapapamahalaan sa tulong ng tamang lunas. Kung sa tingin mo ay mayroon nito ang iyong anak, sumangguni at humingi ng tulong.

Sa tingin mo ay mayroong ASD ang iyong anak?

Maaari mong:

Dalhin ang iyong anak sa mga malalapit na organisasyon sa komunidad upang:



Pangunang pagtatasa	Propesyunal na pagtatasa at pagsusuri
Center para sa Kalusugan ng Ina at Anak (Mga bata sa antas na pre-primary)	Center para sa Pagtatasa ng mga Bata na pinapamahalaan ng Kagawaran ng Kalusugan
Mga programang pangkalusugan sa Center para sa Serbisyong Pangkalusugan ng mga Estudyante	Serbisyo para sa Kalusugang Pangkaisipan ng Bata at Kabataan na ibinibigay ng Otoridad sa Ospital
Mga doctor na pangkalahatan/ para sa pamilya	Mga Pedyatriko o Sikologong pang klinika o pang-edukasyon

Kung ang iyong anak ay nasuring mayroong ASD, maari mong pahintulutan ang iyong anak na makatanggap ng serbisyo para sa rehabilitasyon at suporta para sa edukasyon.

Para sa iba pang Impormasyon:

1 Kumonsulta sa iyong doktor

2 Tumawag at Kumonsulta sa mga Sumusunod na Departamento:
Telepono para sa Mental na Pangkalusugan ng Otoridad ng Ospital
2466 7350
Telepono para sa Departamento ng Kapakanan ng Lipunan
2343 2255

3 Bumisita sa shallwetalk.hk

PAG-UNAWA SA KARAMDAMAN SA AUTISM SPECTRUM

精神健康諮詢委員會
Advisory Committee on Mental Health

衞生署
Department of Health

Inilathala noong 2020